



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

IKAAPAT NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY (K) • MAYO 12, 2019

“*Tinig ng Diyos mula sa Kaibuturan*”



I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gw 13:14, 43-52)

¹⁴Noong mga araw na iyon: Mula sa Perga, nagpatuloy maglakbay sina Pablo at Bernabe at dumating sa Antioquia ng Pisidia. Nang Araw ng Pamamahinga, pumasok sila sa sinagoga at naupo. ⁴³Pagkatapos ng pulong, sumunod kina Pablo at Bernabe ang maraming Judio at mga nahikayat sa Judaismo. Nagsalita sa kanila ang mga apostol at pinangaralan silang magpatuloy sa pamumuhay nang nararapat sa kagandahang-loob ng Diyos.

⁴⁴Nang sumunod na Araw ng Pamamahinga, halos lahat ng tao sa lunsod ay nagkatipon upang **pakinggan ang salita ng Diyos**. Inggit na inggit

ang mga Judio nang makita nila ang maraming tao, kaya't nilait nila at sinalungat si Pablo. ⁴⁶Nguni't buong tapang na sinabi nina Pablo at Bernabe, “Sa inyo muna dapat **ipahayag ang salita ng Diyos**. Yamang itinakwil ninyo ito, hinatulan ninyo ang inyong sarili na hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan, kaya't pupunta kami sa mga Hentil. ⁴⁷Sapagkat ganito ang iniutos sa amin ng Panginoon: ‘Inilagay kita na maging ilaw sa mga Hentil upang maibalita mo ang kaligtasan hanggang sa dulo ng daigdig.’

⁴⁸Nagalak ang mga Hentil nang marinig ito, at nagpuri sa Panginoon dahil sa **salita niya**; at sumampalataya ang mga hinirang para sa buhay

na walang hanggan.

⁴⁹Kaya't lumaganap sa buong lupain ang **salita ng Panginoon**. ⁵⁰Ngunit sinulsulan ng mga Judio ang mga babaing sumasamba sa Diyos at kilala sa lipunan, gayon din ang mga lalaking pinuno ng lunsod: ipinausig nila sina Pablo at Bernabe, at pinalayas sa lupaing iyon.

⁵¹Kaya't ipinagpag ng dalawa ang alikabok sa kanilang mga paa bilang saksi laban sa mga tagaroon, at sila'y nagtungo sa Iconio. ⁵²Ang mga alagad naman sa Antioquia ay natigib ng galak at napuspos ng Espiritu Santo.

Tema: **Ang Pagpapalaganap ng Salita ng Diyos.**

PAGPAPALIWANAG

- Sa b.14 ibinabahagi sa atin ang pagpapalaganap ng Mabuting Balita nina Pablo at Bernabe: tungkol sa sinagoga, Araw ng Pahinga (Sabbath), Antioquia sa Pisidia.
- Sa b.43 sinasabing ang ilang tagapakinig (lalunglalo na ang mga Hudyong mananampalataya) ay namangha kay Pablo at Bernabe, na hinikayat silang maging matatag sa pananampalataya (na makukuha sa tulong ng Diyos).
- Sa b.44 mas marami ang gustong making sa salitang Diyos.
- Sa b.45 ipinakita ang mas lalong pagkainggit ng mga Hudyo. Sila rin ang sumalungat sa mga turo ni Pablo at ng kanyang kasama.
- Sa b.46 mas lalong naging matatag sina Pablo at Bernabe sa kanilang layunin: ang mangaral sa mga Hudyo, ngunit dahil tinanggihan nila ang Salita ng Diyos bumaling sa mga Hentil ang atensyon nina Pablo.
- Sa b.48 inihahayag na naging positibo ang pagtanggap sa kanila ng mga Hentil. Maligaya ang mga Hentil at pinapurihan nila ang Salita ng Diyos.

PAGNINILAY

Si Pablo at Bernabe ay mga apostol (bagamat

di nila nakita at nakasalamuha si Hesus). Ipinahayag nila ang Salita ng Diyos sa mga Hudyo at mga Hentil.

Ginamit din nina Pablo ang mga pook dalanginan (sinagoga) at ang Araw ng Pahinga (Sabbath). Hindi sila nagtalaga ng ibang pook kung saan gagawin ang pagsamba tuwing Araw ng Pahinga. Nangaral sila kung nasaan ang mga tao, walang ibang itinuro't ipinahayag kundi ang Salita ng Diyos.

Labis na ikinainggit ng mga Hudyo ang pagdami ng mga nakikinig at nanampalataya. May kalakip na pag-uusig ang pagpapahayag ng Salita ng Diyos.

SALMONG TUGUNAN (Slm 99)

**LAHAT TAYO'Y KANYANG BAYAN,
KABILANG SA KANYANG KAWAN.**

IKALAWANG PAGBASA (Pag 7:9, 14b-17)

⁹Akong si Juan ay nakakita ng **napakaraming taong** di kayang bilangan ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lahi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at **may hawak** na mga palaspas. At sinabi ng isa sa mga matatanda sa akin, "Sila ang mga nagtagumpay sa kabila ng mahigpit na pag-uusig. Nilinis nila at pinaputi sa dugo ng Kordero ang kanilang damit. ¹⁵Iyan ang dahilan kung bakit sila nasa harap ng trono ng Diyos at naglilingkod sa kanya araw-gabi sa templo niya. At ang nakaluklok sa trono ang kukupkop sa kanila. ¹⁶Hindi na sila magugutom o mauuhaw; hindi na sila mabibilad sa araw o mapapaso ng anumang matinding init. ¹⁷Sapagkat ang Korderong nasa gitna ng trono ang magiging pastol nila. Sila'y dadalhin niya sa mga bukal ng tubig na nagbibigay-buhay; at papahirin ng Diyos ang luha sa kanilang mga mata."

Tema: **Ang mga Inuusig, Mga Kristiyanong Namatay Para sa Pananampalataya**

PAGPAPALIWANAG

- Sa Pagbasa’y ipinapakita ang kahihinatnan ng mga taong nagsakripisyo ng kanilang mga buhay at nagpakamartir para sa pananampalataya.
- Marami (b.9) at di mabilang ang mga taong mula sa ibat-ibang bansa, lahi, bayan at wika.
- Haharap sila sa trono ng kordero ng Diyos (Hesus).
- Ang b.14b ay nagpapakita ng kanilang kagitingan na siyang dahilan ng kanilang pagharap sa trono.
- Dakilang Gantimpala = Langit.
- Sila ay mapapasakamay ng kordero na si Hesus.
- Wala nang uhaw at gutom.
- Hindi sila maapektuhan ng tindi ng sikat ng araw.
- Sila ay gagabayan at dadalhin sa bukal ng tubig na nagbibigay-buhay.
- Wala nang kalungkutan.

PAGNINILAY

May gantimpala yaong mga namatay para sa ating pananampalataya. Tinitiyak sa atin ng Ikalawang Pagbasa ang dakilang gantimpala na matatanggap ng mga Kristiyanong nagdurusa at inuusig dahil sa taimtim nilang pagsasabuhay ng mga aral ni Hesus.

Ang mga martir ay kasama sa tagumpay ni Kristo.

Ang pagsunod ng isang Kristiyano ay di totoo kung patuloy niyang iniwasan ang mga hirap, sakripisyo at mga problema. Ang katiwasayan ay darating lamang sa oras na matapos at mapagtagumpayan natin ang mga ito.

MABUTING BALITA (Jn 10:27-30)

²⁷Noong panahong iyon: Sinabi ni Hesus: “Nakikinig sa akin ang aking mga tupa; nakikilala ko sila, at sumusunod sila sa akin. ²⁸Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, at kailanma’y di sila mapapahamak; hindi sila maaagaw sa akin ninuman. ²⁹Ang aking Ama, na nagbigay sa kanila sa akin, ay lalong dakila sa lahat, at hindi sila maaagaw ninuman sa aking Ama. ³⁰Ako at ang Ama ay iisa.”

Tema: **Gantimpala para sa Nakikinig at Tumatalima sa Tinig ni Hesus.**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Mabuting Balita ay nakatuon sa gantimpala ng mga nakikinig at tumatalima sa tinig ni Hesus.
- Ang mga gantimpala ay:
 - Buhay na walang-hanggan (b.28)
 - Hindi kailanman mapapariwara (b.28)
 - Laging nasa piling ng ating Ama sa langit (b.29)
- Maikli ang Ebanghelyo kung kaya ay hinahayaan nitong pagtuunan natin ng pansin ang mensahe: ang pangako ng pagpapala at gantimpala ng buhay na walang-hanggan.

PAGNINILAY

Inihalintulad ang mga Kristiyano sa isang tupa at si Hesus naman ay ang pastol. Sa banal na kasulatan gumamit ng mga paghahalintulad upang mas madaling maintindihan ang mga mensahe nito.

Katangi-tanging kakayahan ng mga Kristiyano ang pagkilala sa tinig ng Diyos (Hesus, ang Pastol).

Hindi maihahalintulad ang pakikinig sa Diyos sa pangkaraniwan nating pakikinig ng mga tunog at musika. Sa halip ito ay nangangailangan ng tunay na pakikinig at pagtalima sa Tinig ng Diyos malakas man o mahina.

Ang pakikinig sa tinig ng Diyos ay makapag-dudulot sa atin ng kahinahunan at katuparan ng ating mga inaasahan. Magtuturo din ito sa atin ng tamang landas at kasiguruhan ng ating kaligtasan.

II. PAG-UUGNAY

Nangingibabaw ang mensahe ng mga pagbasa: **Ang mga pagpapala mula sa langit.**

Ang kaligtasang ipinaparating sa atin ng Unang Pagbasa, ang pagharap sa trono ng Diyos sa Ikalawang Pagbasa at ang buhay na walang hanggan sa Mabuting Balita.

Dahil dito, ang nangangaral ay hindi dapat mag-alinlangan o matakot sa pagtuturo ng mga bagay na ukol sa kaligtasan at langit sapagkat iyon

mismo ang ating kahihinatnan. Ito ang bunga ng ating pananampalataya at aktibong pagtugon natin sa Diyos.

Totoong si Hesus ang Panginoon, ng muling nabuhay ay nakaluklok sa kalangitan, nakaupo sa kanyang trono at sinasamba ng mga anghel at mga tagasunod na nagiging taimtim sa pagsunod sa daan ng krus tungo sa kaligtasan.

Sa ating mga parokya, sa paanong paraan natin naiipapakikita ang paggabay natin sa isa't isa. (HM).





Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
-Isinalin ni Cl. Gleindolf T. Cadiz, SSP

III. SALAMIN NG BUHAY

Ngayon ang Dakilang Kapistahan ng Mabuting Pastol at Araw ng Panalangin para sa Bokasyon.

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

Luwalhati... (mula sa Prayers of the Pauline Family)